Republic of the Philippines
# Department of Education
Region VI-Western Visayas
SCHOOLS DIVISION OF KABANKALAN CITY

**Office of the Schools Division Superintendent**

NOV 24 2021

**DIVISION MEMORANDUM**
**NO. 295, s. 2021**

**NATIONAL VACCINATION DRIVE ADVOCACY OF DEP-ED SDO KABANKALAN CITY**

To: OIC-Asst. Schools Division Superintendent
CID & SGOD Chiefs
Public Schools District Supervisors
Elementary & Secondary School Heads
All Others Concerned

1. Pursuant to **DepEd Memorandum No. 28, s. 2021 titled, "Comprehensive Guidance on the Participation of the Department of Education in the Implementation of the Philippine National Deployment and Vaccination Plan (NDVP) for COVID-19 Vaccines"**, this Office shares its responsibility in ensuring the health, safety, and well-being of learners and personnel while delivering its mandate. On **November 29, 30, and December 1, 2021**, there will be a **National Vaccination Drive**.

2. **All School Heads, School Clinic Teachers of Elementary and Secondary Schools, and Classroom advisers** are requested to advocate the aforementioned activity. Likewise, they shall help distribute the COVID-19 Information, Education and Communication (IEC) materials along with the modules to parents, guardians and learners.

3. Attached are the **IEC materials** to be printed and distributed. The video clip from the **COVID-19 Vaccine Myth-Busting webinar** should be played in school entrances or lobby. The soft copy of the IEC materials and the link of the video clip may be obtained from the **Nurse-In-Charge of the District.**

4. Information dissemination through group chats on social media, text messaging or short messaging service (SMS) or any similar means are encouraged.

5. In the interest of public health and safety, all teaching and non-teaching DepEd personnel are reminded to strictly comply to the existing IATF protocols and minimum public health standards.

6. Should there be any query, you may contact **MS. VIDA GRACE R. MOREÑO, RN, SDO Vaccination Focal Person.**


7. Immediate dissemination of and compliance with this Memorandum are desired.

**NICASIO S. FRIO, CESO VI**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-in-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

Address: Tayum Street, Barangay 8, Kabankalan City, Negros Occidental
Telephone Number: 471-2004 | 471-2003
E-mail: kabankalan.city001@deped.gov.ph

## 5. Ano ang dapat kong gawin kung tumagal o lumala ang nararamdam kong side effects?

Kumonsulta sa iyong doktor o tumawag sa LGU/vaccination site hotline o sa pinakamalapit na pasilidad



RESBAKUNA
KASANGGA NG BIDA

Para sa iba pang impormasyon, bumisita sa: /officialDOHgov @DOHgovph www.doh.gov.ph

## 6. Paano ko patuloy na mapoprotektahan ang aking sarili at aking pamilya?

Kahit na maaaring maprotektahan ka ng bakuna mula sa symptomatic, at moderate/severe COVID-19, kailangan pa ring ipagpatuloy ang BIDA Behaviors para sa karagdagang proteksyon para sa sarili at para sa iyong pamilya:




| Magsuot ng Mask at Face Shield | Hugas/ Sanitize ng Kamay | Iwas sa matataong lugar | Magandang daloy ng hangin | 1 metrong distansya sa iba |
|---|---|---|---|---|

RESBAKUNA
KASANGGA NG BIDA

Para sa iba pang impormasyon, bumisita sa: /officialDOHgov @DOHgovph www.doh.gov.ph

Republic of the Philippines
Department of Education
Region VI-Western Visayas
SCHOOLS DIVISION OF KABANKALAN CITY

supports

# RESBAKUNA
## KASANGGA NG BIDA

TANONG NG BAYAN

## ANONG GAGAWIN KUNG MAY IBANG NARARAMDAMAN PAGKATAPOS MAGPABAKUNA?


Paano I-manage ang Side Effects ng COVID-19 Vaccine

RESBAKUNA
KASANGGA NG BIDA

Para sa iba pang impormasyon, bumisita sa: /officialDOHgov @DOHgovph www.doh.gov.ph

## 1. Nakakaramdam ako ng side effects matapos mabakunahan. Ano ang dapat kong gawin?

I-report ang kahit anong maramdamang sintomas matapos magpabakuna sa iyong LGU o vaccination site hotline.



**Karaniwang side effects:**

- Pananakit, pamumula, pangangati, o pamamaga sa lugar kung saan ibinigay ang iniksyon
- Hindi maayos ang pangkalahatang pakiramdam
- Nakakaramdam ng pagod (fatigue)
- Lagnat o panginginig
- Sakit ng ulo
- Pananakit sa kasukasuan o kalamnan (joint pain o muscle ache)

RESBAKUNA
KASANGGA NG BIDA

Para sa iba pang impormasyon, bumisita sa: /officialDOHgov @DOHgovph www.doh.gov.ph

## 2. Normal lang ba makaranas ng side effects matapos mabakunahan?

**Oo.** Ito ay senyales ng nagsisimulang *immune response* ng katawan dahil sa bakuna.


**Karaniwang mawawala ang mga sintomas sa loob ng isa hanggang tatlong araw.**



RESBAKUNA
KASANGGA NG BIDA

Para sa iba pang impormasyon, bumisita sa: /officialDOHgov @DOHgovph www.doh.gov.ph

## 3. Ano ang maaari kong gawin para mabawasan ang sakit sa lugar ng pag-iniksyon?



- Mag-apply ng cold compress: malinis, malamig, at basang tela sa parte ng binakunahan
- I-ehersisyo at banayad na galawin ang braso na nabakunahan

RESBAKUNA
KASANGGA NG BIDA

Para sa iba pang impormasyon, bumisita sa: /officialDOHgov @DOHgovph www.doh.gov.ph

## 4. Nakakaranas ako ng lagnat at sakit sa brasong tinurukan ng bakuna. Ano ang dapat kong gawin?

- Uminom ng maraming tubig
- Magpahinga
- Kumain ng balanseng diet
- Uminom ng Paracetamol ayon sa abiso ng iyong Health Care Worker



RESBAKUNA
KASANGGA NG BIDA

Para sa iba pang impormasyon, bumisita sa: /officialDOHgov @DOHgovph www.doh.gov.ph




# FAQS ON THE NATIONAL VACCINATION DAYS

**1. Kailan ang National Vaccination Days? Anong mangyayari sa mga araw na ito?**

Itinalaga ang Nob 29, 30 at Dis 1 bilang National Vaccination Days. Sa mga araw na ito, hinihikayat ang lahat ng Pilipinong edad 18 pataas at kabataang edad 12 hanggang 17 taong gulang na magpabakuna bilang kontribusyon sa proteksyon ng bawat pamilyang Pilipino mula sa COVID-19 at mga variants nito.

**2. Ano ang layunin ng National Vaccination Days?**

Nilalayong magbakuna ng 15 milyong Pilipino sa tatlong araw ng National Vaccination Days. Bahagi ito ng patuloy na pagtutulungan ng gobyerno at iba pang sektor na maprotektahan ang lahat ng Pilipino mula sa COVID-19 at variants nito ngayong dumarating na ang mga supply ng bakuna para sa buong Pilipinas.

**3. Sino ang babakunahan?**

Lahat ng Pilipinong edad 18 taong gulang pataas at kabataang edad 12 hanggang 17 taong gulang ay babakunahan. Patuloy ang pagbabakuna sa mga Local Government Unit (LGU) bago at matapos ang National Vaccination Days.

**4. Saan pwede magparehistro?**

Makipag-ugnayan sa inyong LGU para sa pagpaparehistro. Pareho pa rin ang pagpaparehistro sa National Vaccination Days sa kasalukuyang gamit na pagpaparehistro ng mga LGU, online man o manual.

**5. Anong kailangan dalhin sa araw ng bakuna sa National Vaccination Days?**

- Magrehistro bago ang araw ng bakuna.

Para sa mga edad 18 pataas, dalhin ang inyong:
1) Valid ID
2) Medical clearance, kung kinakailangan.

- Para sa mga kabataan edad 12 hanggang 17 taong gulang, dalhin ang:

1) Patunay ng relasyon ng anak sa magulang (baptismal certificate, birth certificate, atbp),
2) Valid ID ng babakunahan,
3) Valid ID ng magulang / legal guardian

**6. Anong dokumento ang maaaring dalhin kapalit ng Special Power of Attorney (SPA) kung ang magulang ay nasa ibang bansa o hindi masasamahan ang babakunahan sa araw ng bakuna?**

Dapat dalhin ng kasama ng babakunahan ang mga sumusunod:
- Naka-notaryong Authorization Letter
- Affidavit ng magulang/guardian na may panunumpa kasama ng isang public official tulad ng notary public o awtorisadong kawani (tulad ng opisyal ng barangay) at pagpapakita ng valid government ID
- Barangay Certification mula sa Barangay Captain / Punong Barangay

**7. Anu-anong karamdaman ang kailangan ng medical clearance bago magbakuna para sa mga edad 18 taong gulang pataas?**

Kailangan ng medical clearance BAGO magpabakuna para sa alinman sa sumusunod na kondisyon o karamdaman:
- Autoimmune disease
- Persons living with HIV (PLHIV)
- Kanser/malignancy
- Mga sumailalim sa transplant
- Kasalukuyang ginagamot ng steroids
- Mga nakaratay na lang sa kama o may taning na dahil sa karamdaman

**8. Kailangan ba ng medical certification bago mabakunahan ang kabataang edad 12 hanggang 17 taong gulang?**

Tanging ang mga kabataang may karamdaman ang mangangailangan ng medical certification bago magpabakuna. Ang mga kabataang edad 12 hanggang 17 taong gulang na walang karamdaman ay hindi kailangan ng medical certification bago mabakunahan.

**9. Magkakaroon ba ng nakalaang vaccination site para sa mga edad 18 pataas, sa kabataang edad 12 hanggang 17 taong gulang, at sa boosters?**

Ang pagtatalaga ng sariling vaccination site ay nakasalalay sa Local Government Unit. Subaybayan ang opisyal na anunsyo ng inyong Governor o Mayor.

**10. Kasama ba ang booster doses para sa mga babakunahan sa National Vaccination Days?**

Oo, kasama ang booster doses sa National Vaccination Days. Nitong Nob 17, 2021, healthcare workers pa lamang mula sa A1 priority group ang maaaring bakunahan ng booster dose. Sa Nob 22, 2021, magsisimula na din ang senior citizens at mga may ibang karamdaman.

Para sa iba pang impormasyon, bumisita sa: /officialDOHgov @DOHgovph www.doh.gov.ph DOH Philippines